

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Ang Lungsod ng Brampton ay nakakaambag ng halos \$600,000 para makatulong sa pagsuporta sa lokal na non-profit at pangkawang-gawang mga organisasyon**

BRAMPTON, ON (Mayo 6, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton ay nakakaambag ng halos \$600,000 para makatulong sa pagsuporta sa 64 na lokal na non-profit na mga organisasyon at rehistradong mga charity sa 2022 sa pamamagitan ng Advance Brampton Fund, na may mga grant na nasa hanay ng halaga na mula sa \$5,000 hanggang \$25,000.

Ang pagpopondo na ito ay mahalaga para makatulong sa paghahatid ng mahalagang mga programa na inaasahan ng komunidad habang ang Brampton ay nagpapatuloy na makabangon mula sa pandemyang COVID-19. Ang mga organisasyon na suportado sa pamamagitan ng Advance Brampton Fund ay kinabibilangan ng Lady Ballers Camp, One Voice One Team Youth Leadership Organization, Punjabi Community Health Services, Big Brothers, Big Sisters of Peel, Beaux Arts Brampton at marami pa. Ang isang kumpletong talaan ng 2022 Advance Brampton Fund grantees ay matatagpuan sa [brampton.ca/abf](http://brampton.ca/abf).

Ang mga senior ng Brampton ang partikular na apektado mula sa pagkakabukod at kakulangan ng magagamit na mga resource sa panahon ng pandemyang COVID-19. Para sa [Indus Community Services](#), “Ang Advanced Brampton Fund ay tutulong sa atin na suportahan ang mga senior sa pagpapakita ng kanilang mga kultura at pagbuo ng mga skills sa pamamagitan ng sining, pag-uusap, ehersisyo, edukasyon at nakakalusog na pagkain. Nagagalak kaming ialok ang programa na ito sa ating mga kliyente sa personal at birtwal.”

Ang Brampton ay isang Nakakalusog at Ligtas na Lungsod, at kinikilala ng [Asees Foundation](#) ang kahalagahan ng pananatiling aktibo. “Ang Advance Brampton Fund ay magbibigay sa atin ng pagkakataon para palawakin ang ating Get Active Initiative para sa kabataan at ibang mga indibidwal sa ating komunidad. Ang mga kontribusyon na ito ay gumagawa ng kapansin-pansing mga kaibahan sa pagtulong sa kabataan na i-develop ang kaalaman at pang-unawa sa physical fitness at nakakalusog na uri ng pamumuhay.”

Para sa [Lady Ballers Camp](#), ang pagpopondo na ito ay instrumental sa kanilang kakayahan na maghatid ng mahalagang programa sa komunidad. Bilang isang benepisyaryo ng grant sa 2021, nakatulong ito sa pagtiyak na ang Summer Camp 2.0 - Right to Learn Right to Play ay isang tagumpay. “Ang ating programa ay lumampas sa ating inaasahan, na umabot sa 246 na bata at kabataan sa Brampton, at naghatid ng saya sa napakaraming mga bata pang buhay. Sa fall ng 2021, nakapagbigay tayo ng academic tutoring at tulong sa homework, kabilang ang mental wellness programming, na mahalaga sa panahon nitong hindi ordinaryong mahihirap na panahon.” Ang pagpopondo mula sa 2022 programa ay makakatulong sa Lady Ballers Camp na maghatid ng 8-week summer camp at 14 na linggong balik-eskwela na programa, na

nagbibigay sa mga Black na kabataang babae at kabataan na naninirahan sa o nasa peligro ng paghihirap ng pagkakataon na makatanggap ng pisikal na ehersisyo, emosyonal na kabutihan, soyalisasyon, at mahalagang suporta sa akademiko.

Para mas matutulungan pa ang pagsuporta sa local non-profits at kawanggawa, ang Advance Brampton Fund ay nakipag-partner sa Toronto Metropolitan University's (ang dating Ryerson University) [G. Raymond Chang School of Continuing Education](#) para maghatid na mga Non-Profit Sector Development workshop na nakatuon sa pagtulong sa mga organisasyon na palawaking ang kanilang pasilidad at itayo ang sektor ng edukasyon at mga kakayahan. Mula 2021, idinaos ang 11 sesyon, naghost ng higit sa 250 kalahok. Ang kasunod na mga serye ay ilulunsad sa fall.

### **Tungkol sa Advance Brampton Fund**

Ang Advance Brampton Fund ay isang \$600,000 na programa sa tulong sa komunidad na nagbibigay sa kwalipikadong non-profit o pangkawang-gawang mga organisasyon na nasa Brampton ng mga pondo para maghatid ng mga programa at serbisyo na nakakatugon sa mga pangangailangan ng komunidad at isulong ang mga prayoridad ng Termino ng Konseho.

May tatlong daloy ng pagpopondo:

- **Emerging** – nagbibigay ng hanggang \$5,000 sa katumbas na pondo para sa bago at innovative na mga proyekto
- **Developing** – nagbibigay ng hanggang \$12,500 na katumbas na pondo para sa mga programa na tumakbo nang kahit isang beses sa Brampton
- **Amplifying** – nagbibigay ng \$25,000 na katumbas na pondo para sa mga proyekto na tumakbo nang kahit dalawang beses sa Brampton

Ang kasunod na round ng mga grant application ay magbubukas sa fall 2022 para makatulong na magaganap ang mga proyekto sa suporta sa 2023. Para sa kumpletong talaan ng 2022 Advance Brampton Fund grantees at para malaman ang tungkol sa programa, bisitahin ang [brampton.ca/abf](http://brampton.ca/abf).

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay isang Lungsod ng mga Oportunidad, at ikinagagalak ko na makita ang epekto ng Advance Brampton Fund sa ating mga lokal na non-profit na organisasyon. Ang mga resource na iniaalok nila ay nagbibigay ng labis na kinailangang mga suporta habang nagpapatuloy tayo sa pagbangon mula sa pandemyang COVID-19.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Advance Brampton Fund ay nagbibigay ng napakarami pa kaysa pagpopondo, ngunit pagkakataon para sa ating mga non-profit na nasa Brampton para maghatid ng mga programa at serbisyo na kailangan ng ating lungsod. Napakagandang makita ang epekto na meron ang pagpopondo na ito sa komunidad at sa mga organisasyon na nagbibigay nitong mahalagang mga resource.”

- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay proud na suportahan ang mga pangangailangan ng ating diverse na populasyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng oportunidad sa pondo para sa non-profit at pangkawang-gawang mga organisasyon na nasa Brampton sa pamamagitan ng ating Advance Brampton Fund. Inaasahan natin na makita ang positibong kaibahan na nagawa ng mga pangkat na ito sa komunidad.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)